Katotohanang si Jibrēl -sumakanya ang pagpapala-ay dumating sa akin,at naghatid ng magandang balita sa akin,at Nagsabi siya: Sinuman ang magbigay ng Pagpapala sa iyo ay magbibigay ako ng Pagpapala sa kanya,at sinuman ang magbigay ng Pangangalaga sa iyo,ay magbibigay Ako ng Pangangalaga sa kanya,Kayat Nagpatirapa ako sa Allah-Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan-nang Pasasalamat.

Ayon kay 'Abdurrahmān bin 'Awf-malugod si Allah sa kanya-at nagsabi:Lumabas ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-,at pumunta siya pinagkawang-gawaan niya at pumasok siya,humarap siya sa Qiblah at siya at nangayupapa sa pagpapatirapa,tinagalan niya ang pagpapatirapa hanggang sa inakala ko na ang Allah -kamahal mahalan Siya at Kapita-pitagan-ay kinuha ang buhay niya rito,lumapit Ako sa kanya,Pagkatapos ay umupo ako,Itinaas niya ang ulo nito,At nagsabi: Sino iyan? Nagsabi Ako: Si Abdurahman,Nagsabi siya: Ano ang kailangan mo?Nagsabi Ako:O Sugo ni Allah, Nagpatirapa ka ng (napakahabang) pagpapatirapa,natakot ako na kinuha na ni Allah ang buhay mo rito,Nagsabi siya: Katotohanang si Jibrēl -sumakanya ang pagpapala-ay dumating sa akin,at naghatid ng magandang balita sa akin,at Nagsabi siya: Sinuman ang magbigay ng Pagpapala sa iyo ay magbibigay ako ng Pagpapala sa kanya,at sinuman ang magbigay ng Pangangalaga sa iyo,ay magbibigay Ako ng Pangangalaga sa kanya,Kayat Nagpatirapa ako sa Allah-Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan-nang Pasasalamat.

[Maganda] [Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Ipinapahayag sa Marangal ng Hadith ang Pagpapahintulot sa Pagpapatirapa ng Pasasalamat,sa bawat pagbabago ng mga biyaya at pagdinig ng mga balitang magaganda at nakakapag-paligaya tulad ng nangyari sa Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Sapagkat noong siya at nasa pagdarasal at dumating sa kanya si Anghel Jibrēl-sumakanya ang pagpapala-naghatid siya ng magandang balita,na sinuman ang magbigay ng pagpapala sa kanya mula sa kanyang mga Ummah,ay magbibigay din ng pagpapala si Allah sa kanya,at gayundin sa sitwasyong sinuman ang magbigay ng Pangangalaga sa kanya,At gayundin na kabilang sa Sunnah ang pagpapatagal sa Pagpapatirap ng Pasasalamat dahil sa paggawa niya nito-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na kung saan,ang mga kasamahan ng Propeta-malugod si Allah sa kanila-ay nagreklamo -na baka siya ay binawian na ng buhay

